COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County
Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

Mga Kamakailang Pagbabago (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw):
4/21/2021 – Binago para ihanay sa patnubay na inisyu ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit .

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga rekomendasyon sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga silid o lugar na okupado ng mga pinaghihinalaan o mga kumpirmado ng COVID-19. Naglalayon ito na limatahan ang pagkabuhay ng virus sa mga pangunahing kapaligiran. Ang mga patnubay na ito ay nakapokus sa mga pasilidad na hindi pangangalagang pangkalusugan (non-healthcare) tulad ng mga paaralan, institusyon, opisina, sentro ng pangangalagang pang-araw, negosyo, at sentro ng komunidad na hindi magdamagang nagbabahay ng mga tao. Ang mga patnubay na ito ay hindi nilalayon para sa paglilinis sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sambahayan, o iba pang lokasyon kung saan ay may umiiral ng patnubay. http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/

Mga Karagdagang Konsiderasyon

a) Ang pangunahing moda sa kung saan nahahawaan ng SARS-CoV-2 (ang virus na nagsasanhi ng COVID-19) ay sa pamamagitan ng pagkakalantad sa mga maliliit na patak ng palahingahan na nagdadala ng nakakahawang virus. Posible para sa mga tao na mahawaan sa pamamagitan ng kontak sa mga kontaminadong ibabaw o bagay (fomites), ngunit ang panganib ay pangkalahatang itinuturing na mababa.

b) Ang mga amo/employer ay dapat na bumuo ng mga patakaran para sa proteksyon ng manggagawa at magkaloob ng pagsasanay sa lahat ng mga kawani ng paglilinis sa mismong lugar (on-site) bago ang pagbibigay ng mga gawain sa paglilinis. Dapat na isama sa pagsasanay kung kailan gagamit ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment o PPE), kung anong PPE ang mahalaga, paano ang tamang pagsusuot (pagbibihis), paggamit, at pag-alis (paghubad) ng PPE, at kung paano wastong itapon ang PPE.[1]

c) Ang mga amo/employer ay dapat na tiyakin na ang mga manggagawa ay sinanay sa mga peligro ng paglilinis ng mga kemikal na ginagamit sa lugar ng trabaho alinsunod sa pamantayan ng Hazard Communication (29 CFR 1910.1200)[1] ng OSHA.

d) Ang mga amo/employer ay dapat na sumunod sa mga pamantayan sa Bloodborne Pathogens (29 CFR 1910.1030) ng OSHA, kabilang ang wastong pagtatapon ng kinontrol na basura, at PPE (29 CFR 1910.132).[1]

e) Palaging sundin ang mga direksyon sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga etiketa (labels) ng kemikal na produkto.

	Nakagawiang Paglilinis	Paglilinis kapag may isang taong may sakit
Deskripsyon	Ipinatupad ang mga regular na kasanayan sa paglilinis.	Nakagawiang paglilinis **DAGDAG** ang pagdidisimpekta ng espasyo na okupado ng isang taong kumpirmado na mayroong COVID-19 at nasa pasilidad sa loob ng 24 na oras. Kung higit na sa 24 na oras ang nakalipas na nasa espasyo ang isang taong may sakit o nasuri (diagnosed) sa COVID-19, ang paglilinis ay sapat. Maaari mong piliin na magdisimpekta rin depende sa mga tiyak na kondisyon o kasanayan araw-araw na inatas ng iyong pasilidad.

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County
Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

	Nakagawiang Paglilinis	Paglilinis kapag may isang taong may sakit
Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE)	Kung gumamit ng mga kemikal, magsuot ng mga guwantes para protektahan ang mga kamay.	Magsuot ng maskara at guwantes habang naglilinis at nagdidisimpekta.[1] Siguruhin na sumangguni sa Safety Data Sheets o sundin ang mga tagubilin na nasa etiketa ng kemikal.
Pandisimpekta	Gumamit ng pang-araw-araw na kagamitan at mga pandisimpekta sa paglilinis na pang-dyanitor para sa mga regular na ibabaw tulad ng mga sahig, mesa, lamesita, counter, lababo, palikuran (toilet), at iba pang kasangkapan at kagamitan na may matitigas na ibabaw.	Gumamit ng isang pandisimpekta na rehistrado sa EPA na aprubado para sa mga lumilitaw na pathogens.[2]
Pagkilos sa Paglilinis	Isagawa ang mga sumusunod na kasanayan: a) Tanggalan ng alikabok ang mga matitigas na ibabaw b) Punasan ng basa ang mga matitigas na ibabaw para tanggalin ang mga labi c) Lampasuhin nang basa ang mga sahig d) Bakyumin ang carpet at mga sapin	a) Kung maaari buksan ang mga panlabas na pinto at bintana sa lugar ng nag-ookupa na may sakit upang dagdagan ang sirkulasyon ng hangin[1]. b) Magpokus sa mga agarang lugar na okupado ng tao na nasuring may COVID-19. c) Maglinis at magdisimpekta: • Ang LAHAT ng mga hindi tinatagusang ibabaw lalo na ang mga ibabaw na madalas mahawakan (hal., lamesita, mesa, upuan na matigas ang sandalan, pihitan ng pinto, swits ng ilaw, hawakan, kompyuter, keyboard, mouse, mga telepono) sa espasyo/opisina ng nag-ookupang may sakit, pati na rin ang pinagsasaluhang kagamitan (tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard, remote control, at mga ATM machine sa mga banyo at napagsasaluhang espasyo na ginamit ng taong may sakit, na may pokus sa mga ibabaw na madalas mahawakan. • Para sa mga tinatagusang ibabaw (hal., carpet, upuan) sa espasyo/opisina ng taong may sakit, tanggalin ang nakikitang kontaminasyon, linisin gamit ang mga naaangkop na panglinis, at disimpektahin gamit ang isang likido/spray na ipinahiwatig na gamitin sa materyales. d) Sa oras na ang lubusang paglilinis at pagdidisimpekta ay nakumpleto na ang espasyo at maaari nang muling okupahan.

1. Paglilinis at Pagdidisimpekta ng Iyong Pasilidad https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html
2. List N na Kasangkapan: Mga Pandisimpekta sa COVID-19 https://cfpub.epa.gov/giwiz/disinfectants/index.cfm